JANUARY

Makugihon

FEBRUARY

Mahigugmaon

MARCH

Matinabangon

APRIL

Matinahuron

MAY

Mahapsay og Malimpyo

JUNE

Maabtik og Masunod sa Iksaktong Oras

JULY

Maantigo og Maabilidad

AUGUST

Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER

Madaginoton

OCTOBER

Matinud-anon

NOVEMBER

Masaligan

DECEMBER

Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 3

# ARTS

## Quarter 3-Modyul 1

## Print Making



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________



# Alamin

Ang pag print o **print making** ay ang proseso ng paggawa ng mga likhang sining sa pamamagitan ng pag-print na karaniwang ginagawa sa papel. Ito ay karaniwang sumasakop lamang sa proseso ng paglikha ng mga kopya na may isang elemento ng pagka-orihinal sa halip na pagiging isang photographic na pagpaparami ng isang pagpipinta.

Halimbawa ng print making ay ang mga nature prints, finger printing at stencil making.

Sa modyul na ito inaasahan na makakamit mo ang mga sumusunod na layunin:

A. Natatalakay ang konsepto sa isang print na ginawa mula sa mga bagay na matatagpuan sa kalikasan na maaaring maging makatotohanan o abstract (A3EL-IIIa)
B. Naipapaliwanag ang kahalagahan at pagkakaiba- iba ng mga materyales na ginamit sa pag print (A3PL-IIIb)
C. Naipakikita ang konsepto na ang isang disenyo ng print ay maaring gumamit ng pag-uulit ng mga hugis o linya at pagbibigay diin sa kaibahan ng mga hugis at linya (A3PL-IIIc)
D. Naipatutupad ang konsepto na ang isang disenyo ng print ay maaaring doblehin ng maraming beses sa pamamagitan ng kamay o sa pamamagitan ng machine at maaring ibahagi sa iba (A3PL-IIId).




# Subukin

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod na bagay ang matatagpuan sa kalikasan na ginagamit upang makabuo ng isang imahe?


   A. aklat, lapis, ilaw
   B. dahon, bato, halaman
   C. damit, sapatos, bag
   D. araw, tubig, bulaklak

2. Pumili ng mga bagay na matatagpuan sa kalikasan na makakatulong upang makagawa ng isang print.



A. banana stalk, dahon, bato
B. computer, TV, cellphone
C. bulaklak, computer, cellphone
D. tv, bato, banana stalk

Suriin ang larawan para sa tanong sa ikatlong bilang.



3. Ano ang maaaring buuin gamit ang bagay na nasa larawan?
   A. bangka, mesa, upuan
   B. ballpen, bag, sapatos
   C. kurtina, chalk, yeso
   D. relo, damit, salamin



## Balikan

Ang pinakamahalagang aspeto ng likhang sining ay ang mga materyales na ginagamit sa pag print.

Sa nature print making, napag-alaman natin na ang mga materyales na ginagamit dito ay ang mga bagay na makikita sa kalikasan tulad ng mga dahon, banana stalk, at maliit na mga sanga.

Sa finger printing at stencil making naman, mahalagang bagay ang tamang paggamit ng mga pangkulay tulad ng pintura at water color.

Samakatuwid, ang pagka-orihinal at ang tamang paggamit ng materyales ay ang mga mahahalagang bagay na nakakatulong upang makabuo ng isang kakaibang likhang sining.

## Tuklasin

Pagmasdang mabuti ang larawan sa ibaba at tukuyin ang mga hugis at linyang makikita dito. Iguhit ang mga ito sa nakalaang linya ng bawat bilang.



1. ________________
2. ________________
3. ________________
4. ________________
5. ________________

## Suriin

Batay sa ginawa niyo sa tuklasin, napag-alaman ninyo na ang isang disenyo ay maaring gumamit ng pag-uulit ng mga hugis o linya at pagbibigay diin sa kaibahan nito.

Ang dagat ay nagpapakita ng mga linya tulad ng tuwid at pakurba na nagbibigay diin sa kaibahan nito.

Ang araw at ang bunga naman ng punong niyog ay nagpapahiwatig ng hugis bilog.

Gamit ang hugis tatsulok pinapakita nito ang sinag ng araw. Samakatuwid ang paulit-ulit na paggamit ng linya at hugis at ang pagbibigay diin sa kaibahan ng mga ito ang siyang nagbibigay kahulugan sa isang disenyo.

## Pagyamanin

**Panuto:** Gawin ang mga sumusunod

1. Ihanda ang lapis, puting papel at pangkulay.

2. Mag-isip ng isang disenyo na nagpapakita ng mga linya at hugis kung saan ginagamit ng paulit-ulit ang inyong daliri. (finger print)
3. Lagyan ng kulay ang inyong daliri sa pamamagitan ng paggamit ng water color, pagkatapos ay gawing disenyo sa puting papel.
4. Lagyan ng pamagat ang inyong ginawang awtput.

Sundin ang larawan sa ibaba bilang halimbawa sa paggawa ng likhang sining.





Gawing gabay ang Rubriks sa pagtatala ng inyong ginawang disenyo.

| Pamantayan | Napakahusay 3 | Mahusay 2 | Hindi gaanong mahusay 1 |
|---|---|---|---|
| Nagawa ko ba ang aking likhang- sining nang malinis at tama sa takdang oras? | | | |
| Nakagamit ba ako ng tamang kulay upang maging kaakit-akit ang aking likhang-sining? | | | |
| Nakadama ba ako ng kasiyahan sa aking pagguhit? | | | |



## Isaisip

**Panuto:** Punan ang mga ito ng tamang salita upang makabuo ng pangungusap. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| print making | hugis | bato |
| linya | dahon | bulaklak |

Ang ________ ay ang proseso ng paggawa ng mga likhang sining sa pamamagitan ng pag print karaniwan sa papel.

Ang isang disenyo ay maaring gumamit ng pag-uulit ng mga_______ o ______ at pagbibigay diin sa kaibahan nito.


Ang mga gamit na matatagpuan sa kalikasan tulad ng______,_______,______ ay nakakatulong upang makagawa ng isang print.




# Isagawa

**Panuto:** Gawin ang mga sumusunod na hakbang upang makabuo ng stencil design.

1. Ihanda ang mga kagamitan (card board, water color, gunting, bond paper at lapis.)
2. Gumuhit ng isang bulaklak sa card board.
3. Gupitin ang stencil design o disenyong inyong iginuhit.
4. Ilagay sa ibabaw ng band paper ang iginupit na bulaklak.
5. Kulayan ito gamit ang water color.
6. Mag-ingat sa pagkulay upang di kumalat ang kulay.
7. Dahan-dahaning alisin ang stencil design sa ibabaw ng bond paper.
8. Gamitin ng paulit-ulit ang stencil design upang makabuo ng maraming disenyo.
9. Patuyuin ang inyong ginawang disenyo at ipaskil ito.



Rubrik sa Paggawa ng Stencil Design

| Mga Pamantayan/ Sukatan | Mga nakalaang Iskor | | |
|---|---|---|---|
| | **3** | **2** | **1** |
| Makinis na pagkagawa | Malinis ang nagawa at | Malinis ang gawa | Hindi masyadong |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | hindi lumampas ang pagkukulay. | ngunit may kaunting lampas ang pagkakulay | malinis ang gawa at may lampas ang pagkakulay |
| Masining na pamamaraan | Napakahusay na pagkagawa | Mahusay na pagkagawa | Hindi gaanong mahusay na pagkagawa |



# Tayahin

**Panuto:** Pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang

| A | B |
|---|---|
| ___1. Stencil Design | A. Ito ay nagbibigay buhay at kahulugan sa isang disenyo. |
| ___2. Print making | B. Mga bagay na matatagpuan sa kalikasan na ginagamit upang makabuo ng isang print. |
| ___3. Makakatotohanan /Abstract | C. Dalawang uri ng print making |
| ___4. Linya at Hugis | D. Ito ay nakabubuo ng imahe o pattern sa pamamagitan ng paglagay ng pangkulay sa ibabaw ng mga bagay na may paulit-ulit na disenyo gamit angkamay o makina. |
| ___5. Dahon, bato | E. Proseso ng paggawa ng mga likhang sining sa pamamagitan ng pagprint,karaniwan sa papel. |



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Bumuo ng isang disenyo gamit ang nature print, finger print at stencil.

Rubrik sa Disenyong Nagawa


| Mga Pamantayan/ Sukatan | Mga nakalaang Iskor | | |
|---|---|---|---|
| | **3** | **2** | **1** |
| Nilalaman ng ginawang disenyo | Naipakita ang tatlong uri ng printmaking sa nagawang disenyo | Naipakita ang dalawang uri ng print making sa nagawang disenyo | Isang uri ng printmaking ang naipakita sa nagawang disenyo |
| Masining na pamamaraan | Napakahusay na pagkagawa | Mahusay na pagkagawa | Hindi gaanong mahusay na pagkagawa |

# Susi sa Pagwawasto

SUBUKIN
1. B
2. A
3. A



TUKLASIN
1.
2.
3.
4.
5.



TAYAHIN

1. D
2. E
3. B
4. A
5. C

ISAISIP

1. Printmaking
2. Hugis
3. Linya
4. Dahon
5. Bato
6. bulaklak

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**


Manunulat:

1. Damalyn J. Laping, T-II, Ajibon E/S, Isabela City Division
2. Roxanne Jane T. Duque, T-III, Ajibon E/S, Isabela City Division

Tagasuri: Fadzher G. Ismael, Ph. D, PSDS, Isabela West District 3
Tagaguhit: Marigold C. Galan , T-II, Sunset E/S, Isabela City Division
Tagalapat: Acama A. Lawama Jr., T-II, Ajibon E/S, Isabela City Division

Tagapamahala: Julieto H. Fernandez, Ed.D., CESO VI